
IKA-25 LABAS
BAGAMUNDO
KUWENTO ni
VICTOR TOLEDO MARCOS
BAKAS NG NAKARAAN
MATAPOS MAIPAGTAPAT NI ERMI-
NIO KAY DELIA ANG PINAGBABA-
TAYAN NIYA SA PANINIWALANG
HINDI NITO KAPATID SI DANILO AT ANG
HINDI KAPASIYAHAN NI DELIA SA
KANYANG PAG-IBIG, NANG TALAM-
PAKIN SIYANG HINDI MAIIBIG
KAILANMAN AY IPININID ANG PIN-
TO AT LINAPITAN SI DELIA NA
PAIWAS NAMANG UMURONG.
Guhit ni RUBEN M. FABIAN
SA KAUURONG NI DELIA'Y NAG-KAPANAHON SIYANG MAKUHA SA "HANDBAG" ANG KANYANG REBOLBER, KAYA'T...
HUWAG KANG LALAPIT! HINDI KA SASANTUHIN NG AKING REBOLBER!..
KAHIT NA ANO PA ANG HAWAK MO'Y HINDI AKO NATATAKOT!
AT BIGLANG SINUNGGABAN NI ERMINIO ANG KAMAY NI DELIANG MAY TANGANG SANDATA.
HINDI KITA BIBITIWAN HANGGA'T HINDI KO NAKAKAMTAN ANG AKING NAIS!...
PATAYIN MO MUNA AKO KUNG GUSTO MONG MAGTAGUMPAY ANG IYONG MARUMING HANGAD! SIGE PATAYIN MO AKO! MAMAMATAY KA RIN LAMANG KAPAG HINDI MO AKO PINATAY! WALA KA RIN LAMANG UTANG NA LOOB!
WALA AKONG UTANG NA LOOB?
AT HINDI BA? GAGANITUHIN MO BA AKO KUNG MARUNONG KANG TUMANAW NG UTANG NA LOOB, GAYONG KUNG HINDI SA AKI'Y PATAY KA NA!... HINDI KA BIBITIWAN NI DANIEL NANG BUHAY KUNG HINDI KO SIYA INAWAT!...


NAALAALA NI ERMINIO NA INILIGTAS NGA PALA SIYA NI DELIA. NAGUNITA RIN NA KAPAG NALAMAN NINA LUKAS NA SIYA ANG NAGSIWALAT NG PAGPAPANGGAP NI DANILO'Y MANGANGANIB ANG KANYANG BUHAY.
HINDI NA KITA PIPILITIN KUNG SADYANG HINDI MO AKO MAIIBIG. NGUNI'T MAY ISANG BAGAY LAMANG AKONG HIHILINGIN SA IYO.
IBIG KONG IPANGAKO MO SA AKING HINDI SASABIHIN KAHIT KANINO, NA AKO ANG NAGTAPAT SA IYO NG PAKANA NINA MANG LUKAS...
MATUTUPAD ANG KAHILINGAN, KUNG HINDI MO NA AKO GAGAMBALAIN KAILANMAN...
HINDI NAKASAGOT AGAD SI ERMINIO, KAYA'T....
ANO, ERMINIO, MAIPANGANGAKO MO BANG HINDI NA AKO GAGAMBALAIN?
OO, DELIA, HINDI NA KAILANMAN!
SAMANTALA... SAPUL NANG HULING KAUSAPIN NINA MARIANO SI DANILO AY HINDI ITO NAPAGKATULOG. MADALAS NA HATING-GABI NA'Y...
BUHAY PALA SI DANIEL, AT UPANG MANATILI AKO SA KALAGAYANG ANAK NINA DON DAMASO'Y KAILANGANG BIGYAN KO SINA MANG LUKAS NG TATLUMPUNG LIBONG PISO!
AT NANG DUMATING ANG SABADONG TIPANAN NILA NINA MARIANO'Y PINASOK NI DANILO SI DELIA SA SILID NITO...
HINDI KO NA NAGISNAN ANG MGA NANAY. BAKIT, SAAN BA SILA NAGPUNTA?
SA MAYNILA, MAY MAHALAGA RAW SILANG LAKAD!
MABUTI'T WALA SILA! AT SA WAKAS AY DUMATING DIN ANG PAGKAKATAONG ITO NA MATAGAL NANG PINAKAHIHINTAY KO!
ANO ANG BINABALAK NI DANILO KAY DELIA? SAAN KAYANG TALAGA NAGPUNTA SINA DONYA LUISA AT DON DAMASO? MAY KAUGNAYAN KAYA SA PAGPAPANGGAP NI DANILO ANG PAGKAKAALIS NA IYON NG MAG-ASAWA?
ITUTULOY